# *Ika-10 taon ng Imus Petstival dinaluhan ng 400 fur parents at fur children*

CITY of Imus Sports Complex — Ginanap ang pinakamalaking pagtitipon ng mga alagang hayop sa lungsod sa ika-10 taon ng Imus Petstival noong Disyembre 2, 2023.

Sa pakikipagtulungan ng Imus City Veterinary Services Office sa Imus City Tourism and Heritage Office at BPI Cavite – North Palawan, nakilahok ang humigit-kumulang 400 Imuseño fur parents at kanilang fur children sa iba't ibang aktibidad.

Nagpakitang gilas ang mga alagang hayop ng kanilang naggagandahang kasuotan at kagiliw-giliw na posing sa Christmas Pawshion Show at Mr. & Ms. Furthogenic Christmas Edition.

Nakiisa rin ang mga aso at fur parents sa 1.5-km small breed, 3-km medium to large breed, at 5-km human race categories ng Run Fur Farmers.

Ganap na ring nabasbasan ang mga ito sa isinagawang Pet Blessing sa pangunguna ni Deputy Chaplain Ramil Ilano, habang bagong kaalaman ang ibinahagi ni The Pinoy Dog Whisperer Lestre Zapanta sa Pet Talk.

Nakatanggap naman ang mga alagang hayop ng pet food at supplies mula sa 22 sponsors sa isinagawang raffle draw. Nakisaya rin sa pagdiriwang sina Konsehal Totie Ropeta, City Administrator Tito Monzon, at City Veterinarian Dr. Maribel Depayso.

Taunang idinaraos ang Imus Petsival upang malinang ang kaalaman ng mga Imuseño pagdating sa responsible pet ownership.



# Bagong daan at tulay sa La Joya, binuksan na ng Imus LGU

BUHAY na Tubig, Imus — Pinangunahan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang pagbabasbas at pagbubukas ng bagong daan at tulay sa La Joya St., Bahayang Pag-asa, Brgy. Buhay na Tubig noong Disyembre 1, 2023.

Ayon kay Mayor AA, simula pa lamang ito ng mga karagdagang daan at tulay upang maibsan ang mabigat na daloy ng trapiko sa Imus.

“Ito po ‘yung paumpisa para maibsan ‘yung trapik papuntang Daang Hari [Road], at magiging daanan [din ito] ng mga mag-aaral, pati na rin [ng mga dumaraan] sa Palanas Road. Mayroon po kaming 200 milyong pisong nakalaan para sa iba pang mga daan at tulay. Hinahabol nating mabuksan pa ang mga [ito],” ani Mayor AA.

Inilahad din niya na ang sikreto sa pag-unlad ng isang lugar ay ang pagkakaisa ng mga namumuno rito.
“Ito po ang sikreto ng pagkakaisa . . . ng pagtutulungan, hindi nag-aaway-away. Dahil, ang objective ng lider ng Lungsod ng Imus ay matulungan, mapagaan, [at] maramdaman ng mga kababayan nating may gobyernong aalalay, tutulong, [at] susuporta, lalo na sa mga pangangailangan nila,” saad ng alkalde.

Dagdag pa niya, “Umasa ho kayo, patuloy na ganito ang gagawin natin sa mahal nating lungsod para hindi lumayo ang [ating] pag-unlad.”

Bahagi rin ng pagbubukas si Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan at mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus.

Ilan lamang ito sa mga proyektong inilatag ng administrasyong Advincula para sa pag-angat ng Imus.



